Detalyadong Tagubilin sa Panukalang Utos na Mag-suot ng Mask

Outline ng Panukalang Utos

- ◆ Mga napapailalim sa utos: Lahat ng mga residente at bisita ng Lungsod ng Seoul
- ◆ Nilalaman ng utos : Pag-suot ng mask sa loob at sa labas

  ※ Maliban sa mga di-maiiwasang sitwasyon tulad ng kapag kumakain o umiinom na siyang pribadong pang-araw-araw na gawain
- ◆ Panahon ng utos : 2020.8.24.(Lunes) hanggang sa ipatigil ito.

☐ Pangangailangan ng Sapilitang Pag-suot

○ Ang pinakamabisang hakbang ng pag-iingat upang maprotektahan ang sarili at mga kapit-bahay

- 85% na maiiwasan ang peligro ng impeksiyon kapag nag-suot ng mask ('20, Internasyonal na journal ng mga stem cells THE LANCET)

  ※ 5 times ang taas ng peligrong mahawaan kapag hindi nagsuot ng mask

Karagdagang kaso ng pag-iwas ng impeksiyon sa pamamagitan ng pag-suot ng mask(Korea Centers for Disease Control&Prevention)

- 3 katao ang bumyahe kasama ang isang positibo sa virus sa iisang sasakyan nang mahigit 1 oras : lahat negatibo sa virus
- 17 kawani ng medikal ang nakikipag-ugnay sa isang positibo sa virus na pasyente habang naka-confine nang 7 araw sa ospital : lahat negatibo sa virus
- 4 na trabahador sa café na kung saan nagkaroon ng 28 positibo sa virus : lahat negatibo sa virus

☐ Mga Napapailalim sa Sapilitang Pag-suot : Mga residente at bisita sa lahat ng lugar sa lungsod ng Seoul

○ Residente ng Seoul, tumutukoy sa taong aktwal na naninirahan sa distrito ng Lungsod ng Seoul.

Kapag ang isang residente ng Seoul ay bumisita sa ibang lugar

- Dahil ang saklaw ng panukalang utos ay sa loob lamang ng lungsod ng Seoul, kapag ang mga residente ng Seoul ay bumisita sa ibang lugar ay hindi napapailalim sa sapilitang pag-suot ng mask.

○ Bisita ng lungsod ng Seoul, tumutukoy sa taong aktwal na naninirahan sa lugar maliban sa lungsod ng Seoul at kasalukuyang nasa distrito ng lungsod ng Seoul anuman ang layunin - trabaho, negosyo, o paglalakbay.

☐ Saklaw ng Sapilitang pag-suot : Loob at labas na kinasasakupan ng lungsod ng Seoul

○ (Sa loob) Kailangang magsuot ng mask sa loob ng mga transportasyon tulad ng mga bus, subway, barko, eroplano, at iba pang mga sasakyan, at mga gusali at lahat ng mga istraktura.

○ (Sa labas) Kailangang magsuot ng mask alinman sa mga sumusunod na sitwasyon.

- Kung saan maraming tao ang nakikipag-ugnay tulad ng sa mga pagpupulong, pagtitipon, kaganapan(palabas), rally.

Pagpupulong·Pagtitipon·Kaganapan / Rally

- (Pagpupulong·Pagtitipon·Kaganapan) Mga pagpupulong·pagtitipon·kaganapan kung saan ang mga taong may parehong layunin ay nagtitipon sa parehong lugar ayon sa iskedyul na sinang-ayunan, ipinangako, o inihayag.
- (Rally) Mga pagpupulong·pagtitipon at iba pa na dumaan sa prosesong pag-ulat batay sa 「Batas ng Rally at Protesta」

- Kung hindi maiwasan na magkaroon ng pisikal na kontak sa isang tao, maliban sa taong kasamang namumuhay · naninirahan(pamilya), sapagkat mahirap panatilihin ang distansyang 2 metro

☐ Mga eksempsiyon sa sapilitang pag-suot : Sa mga di-maiiwasang sitwasyon tulad ng kapag kumakain o umiiom na siyang pribadong

pang-araw-araw na gawain

❶ Kapag nasa pribadong pang-araw-araw na lugar

- Kapag nasa tirahan(bahay)
- Kapag mag-isa sa isang hiwalay na lugar o kasama ang taong kasamang namumuhay·naninirahan(pamilya)

※ Kailangang magsuot ng mask kapag ang isang tao, maliban sa taong kasamang namumuhay·naninirahan(pamilya), ay bumisita

pag-suot ng mask kapag gumagamit ng sasakyan (kotse)
▪ Kapag mag-isa o kasama ang taong kasamang namumuhay·naninirahan sa loob ng sasakyan(kotse) : maaaring hindi mag-suot
▪ Kapag kasama ang taong hindi kasamang namumuhay·naninirahan sa loob ng sasakyan(kotse) : kailangang mag-suot

❷ Kapag kumakain

※ Subalit, kailangang mag-suot ng mask bago at pagkatapos kumain at nag-uusap

- Kapag kumakain ng pagkain o ng meryenda
- Kapag umiinom ng tsaa, kape, alak, at kapag naninigarilyo

❸ Iba pang mga kaso na hindi maiiwasan

※ Kailangang mag-suot ng mask bago at pagkatapos ng akitibidad sa ②～⑤

① Kapag nagkakaroon ng pag-aalala tulad ng kahirapan sa paghinga o pagkasira ng kalusugan tuwing nagsusuot ng mask

- Maliliit na batang 24 buwan gulang pababa
- Pasyenteng may malubhang sakit
- Kapag nahihirapang huminga tuwing nagsusuot ng mask ang isang pasyenteng may sakit sa paghinga

② Kapag kailangang alisin ang mask para sa mga kalusugan · kalinisan na aktibidad

- Kapag ang medikal na gawain tulad ng pagsusuri·paggamot·ineksiyon ay posible lamang sa pamamagitan ng pagtanggal ng mask
- Kapag nagsasagawa ng mga aktibidad sa personal na kalinisan tulad ng paliligo, paghihilamos, pagsisipilyo, atbp.

③ Kapag kinakailangan para sa maayos na pagganap ng mga pampublikong gawain

- Kapag mahirap para sa gobyerno, lokal na pamahalaan, o pampublikong ahensiya na makamit ang layunin sa publiko sa pamamagitan ng pag-suot ng mask sa pagsagawa ng mga opisyal na tungkulin, tulad ng diplomasya, pambansang depensa, pag-iimbestiga, pagliligtas, pagbibigay lunas, at impormasyon sa publiko
- Kapag ang gobyerno, lokal na pamahalaan, o pampublikong ahensiya ay humiling para sa pagkakakilanlan at kailangang sumunod
- Kapag ang gobyerno, lokal na pamahalaan, o pampublikong ahensiya ay kumukuha ng larawan(litrato sa ID o pasaporte, atbp.) upang isumite ito
- Kapag ang guro, lektorista, at iba pa ay kumukuha ng video para sa online na klase alinsunod sa mga alituntunin ng edukasyon na hindi harapan, ng gobyerno o ng lokal na pamahalaan

④ Kapag kailangang tanggalin ang mask upang mapanatili ang trabaho o ang kabuhayan

- Kapag ang isang propesyonal na mang-aawit, aktor, aktres, artista ng boses, brodkaster, modelo, artista sa sining, atbp. ay napapailalim sa audiovisual filming o paglitaw sa isang kaganapan, atbp.
- Kapag ang isang propesyonal na atleta ay nakikipagkumpitensya
- Kapag ang isang propesyonal na manlalaro ng instrumento ay gumaganap sa entablado

⑤ Kapag mahirap mag-suot ng mask dahil sa likas na katangian ng iba pang mga lugar

- Kapag gumagawa ng aktibidad sa tubig tulad ng paglangoy at paglalaro sa tubig

※ Kahit na napapailalim sa eksempsiyon sa sapilitang pag-suot, dapat at kailangang mag-suot ng mask kung mayroong sintomas tulad ng lagnat, hirap huminga, at iba pa.

❑ Pamantayan sa Pagkilala ng Pagsuot ng Mask

○ Uri ng mask

- Maaari ang health, surgical, droplet, cotton mask
- Gayunpaman, inirerekomenda ang paggamit ng 'drug-free' mask na inaprubahan ng Ministry of Food and Drug Safety

Pamantayan ng Ministry of Food and Drug Safety sa Pagsuot ng Mask
▪KF94 pataas na mask: kapag binabantayan at pinaghihinalaang may COVID19
▪KF80 pataas
- kapag may sintomas sa paghinga tulad ng ubo, sakit ng lalamunan, atbp.
- kapag nakikipag-ugnay sa mga mahina ang resistensiya sa kalusugan, at sa mga may sakit
* Mga mahihina ang resistensiya sa kalusugan : mga matatanda, bata, buntis, at mga may malubhang sakit
** Itinuturing na mga may sakit: malalang sakit sa baga, diabetes, malalang sakit sa bato, malalang sakit sa atay, malalang sakit sa puso, kanser sa dugo, pasyente ng cancer na kumukuha ng chemotherapy, pasyente na kumukuha ng immunosuppressant
▪Droplet mask·surgical mask
- kapag kailangang mag-suot ng mask nang mahabang oras / sa tag-init / kapag may problema sa kalusugan sa paghinga

○ Paraan ng Pagsuot

- Pumili ng isang naaangkop na face mask para sa laki ng iyong mukha at isuot ito nang natatakpan ang iyong ilong at bibig

※ Itinuturing na hindi nakasuot kung ang bibig at ang ilong ay hindi natatakpan

〈 붙임 2 〉

Q&A Casebook Kaugnay sa Panukalang Utos na Mag-suot ng Mask

※ Dahil sa, ang klinikal na epidemiological na katangian ng Corona virus infection-19 ay hindi pa buong naipahayag, may posibilidad na magkaroon ng mga pagbabago sa hinaharap. Batay sa detalyadong mga patnubay, ang kasalukuyang itinakda ng administratibo ng pamahalaang sentral o ang mga resulta ng pagsasaliksik ng mga nauugnay na kumprehensya ay ipapatupad.

Ⅰ. Tungkol sa Pagsuot ng Mask

Q1. Dapat bang mag-suot ng mask sa loob ng bahay?

○ Sa isang pribadong lugar katulad sa loob ng bahay ay hindi na kailangan mag-suot ng mask.

○ Gayunpaman, kung ang isang miyembro ng pamilya ay may lagnat o sintomas sa paghinga, inirerekomenda na mag-suot ng mask.

Q2. Kailangan bang mag-suot ng mask ang mga sanggol?

○ Ang mga sanggol na wala pang 24 na buwan ang edad ay hindi kinakailangang mag-suot ng mask dahil ang kanilang respiratory system ay hindi pa ganap na buo at may panganib na maaaring hindi nila matanggal ang mask sakaling magkaroon ng kahirapan sa paghinga.

○ Habang ang mga sanggol ay nakasuot ng mask upang maiwasan ang impeksyon, kailangan ang maingat na pagmamasid ng isang tagapag-alaga.

Q3. Dapat bang mag-suot ng mask ang mga pasyente sa ospital?

○ Mga pasyente na may malubhang problema sa kalusugan na maaaring lumala at mga pasyente na may kalakip na sakit sa paghinga na maaaring mahirapan sa paghinga kapag nagsuot ng mask ay hindi kailangang mag-suot.

○ Maaaring payagan ang hindi pagsuot ng mask ng mga pasyenteng nahihirapang mag-suot nito nang batay sa opinyon ng espesyalista.

Q4. Paano ang pagsuot ng mask sa tuwing nagpapagamot sa dentista?

○Pinapayagang tanggalin ang mask kung kinakailangan tulad ng pagpapagamot sa dentista, EENT at iba pa.

○ Gayunpaman, dapat mag-suot ng mask bago at pagkatapos ng pagpapagamot.

Q5. Paano ang pag-suot ng mask sa tuwing nagsisipilyo sa trabaho?

○ Hindi na kailangang mag-suot ng mask kapag nagsasagawa ng mga aktibidad sa personal na kalinisan tulad ng paliligo, paghihilamos, pagsisipilyo at iba pa.

○ Gayunpaman, dapat mag-suot ng mask bago at pagkatapos gawin ito.

Q6. Bakit ang mga personalidad sa TV at iba pang mga palabas ay hindi nagsusuot ng mask?

○ Pinapayagan na hindi mag-suot ng mask kung ang isang propesyonal na mang-aawit, aktor, aktres, artista ng boses,

brodkaster, modelo at iba pa ay napapailalim sa audiovisual filming o lumilitaw sa isang kaganapan.

○ Gayunpaman, dapat mag-suot ng mask bago at pagkatapos lumitaw sa palabas, at ang mga kawani ng istasyon ay dapat palaging nakasuot ng mask.

Q7. Bakit ang mga opisyal ng gobyerno at iba pang mga pampublikong opisyal ay hindi nagsusuot ng mask sa panahon ng pagtatagubilin?

○ Pinapayagan ang hindi pagsuot ng mask para sa mga kinikilala ng gobyerno, lokal na pamahalaan, at pampublikong ahensiya kung nahihirapang isagawa ang orihinal na layunin para sa publiko sa pamamagitan ng pagsuot ng mask sa pagsagawa ng mga opisyal na tungkulin, tulad ng diplomasya, pag-iimbestiga, pagliligtas, pagbibigay lunas, at impormasyon sa publiko.

○ Kung kinakailangan upang mabilis at tumpak na maibahagi ang mga impormasyon para sa publiko, ang hindi pagsuot ng mask ay pinapayagan ngunit kinakailangang mag-suot ng mask ang lahat ng opisyal bago at pagkatapos ng pagtatagubili

Q8. Dapat bang mag-suot ng mask kapag kumukuha ng litrato?

○ Dapat mag-suot ng mask kapag kumukuha ng mga larawan para sa mga pribadong layunin, ngunit kapag kumukuha ng mga larawan para isumite sa mga pampublikong ahensiya tulad ng mga larawan ng ID at pasaporte ay pinapayagan ang hindi pagsuot ng mask.

○ Gayunpaman, maaaring kumuha ng litrato sa labas nang hindi nakasuot ng mask kung walang ibang tao maliban sa iyong pamilya na may 2 metrong distansya bawat isa.

Q9. Bakit hindi gumagamit ng mask ang mga atleta?

○ Kung ang isang propesyonal na atleta ay lumahok sa isang kumpetisyon, pinapayagan ang hindi pagsuot ng mask dahil ang pangunahing trabaho o kabuhayan nito ay posible lamang kapag walang suot na mask.

○ Gayunpaman, bago magsimula ang laro, suriin ang lagnat at sintomas ng paghinga bago pumasok, mag-suot ng mask bago at pagkatapos ng laro at kailangang lahat ng mga opisyal ng laro ay palaging nakasuot ng mask.

Q10. Dapat bang mag-suot ng mask ang mga Youtuber?

○ Ang mga YouTuber ay dapat ring mag-suot ng mask, ngunit maaaring hindi na kung kumukuha ng litrato o video sa isang pribadong lugar kagaya ng bahay, mag-isa o kasama ang kanilang mga pamilya sa isang hiwalay na espasyo.

○ Maaaring kumuha ng litrato o video sa labas nang hindi nakasuot ng mask kung walang ibang tao maliban sa iyong pamilya na may 2 metrong distansiya bawat isa.

Q11. Kailangan bang mag-suot ng mask kapag naglalaro sa isang water park o lambak?

○ Sa lipunan na may social distancing level 2 o mas mataas, inirerekomenda na iwasang pumasok sa mga parke ng tubig o lambak kung saan madalas makipag-ugnay sa iba.

○ Gayunpaman, sa hindi maiwasang aktibidad sa tubig kagaya ng paglangoy o paglalaro sa tubig, maaaring alisin ang mask, at dapat isuot ito bago at pagkatapos ng aktibidad sa ilalim ng tubig.

Q12. Maaari bang alisin ang mask sa panahon ng paninigarilyo?

○ Ang pagsuot ng mask ay hindi kinakailangan habang kumakain at naninigarilyo.

○ Gayunpaman, dahil may panganib na kumalat ang impeksyon habang naninigarilyo nang walang mask, masidhing inirerekomenda na huminto sa paninigarilyo dahil ito ay inuri bilang isa sa mataas na peligro para sa COVID19.

○ Kung hindi maiwasan ang paninigarilyo, kinakailangang sundin ang mga patakaran tulad ng distansiya mula sa iba at iwasan ang pakikipag-usap.

Q13. Kinakailangan bang mag-suot ng mask habang umaakyat ng bundok, naglalakad at nag-eehersisyo sa labas?

○ Kapag umaakyat ng bundok, naglalakad, o nag-eehersisyo sa labas, kung mahirap mapanatili ang distansya na hindi bababa sa 2 metro mula sa ibang tao bukod sa iyong pamilya ay dapat mag-suot ng mask.

Q14. Dapat bang mag-suot ng mask habang nagtatrabaho sa loob ng opisina?

○ Dapat mag-suot ng mask maliban lamang kung ikaw ay nasa isang hiwalay na espasyo, kumakain o gumagawa ng mga aktibidad para sa personal na pangkalusugan at kalinisan.

Q. Dapat bang mag-suot ng mask kahit mag-isa lamang sa lugar na pinagtatrabahuan?

○ Hindi na kailangang mag-suot ng mask kung mag-isa lamang sa lugar ng trabaho o kasama lamang ang mga miyembro ng pamilya.

○ Gayunpaman, kinakailangang mag-suot ng mask sakaling magkaroon ng bisita o kailangang humarap sa isang taong galing sa labas.

Q15. Ang pagsusuot ba ng mask nang hindi tinatakpan ang ilong ay ganap na pagtupad sa tungkulin?

○ Ang respiratory system ay hindi mapoprotektahan mula sa impeksyon sa pamamagitan ng pagsusuot ng mask sa baba o inilalabas ang ilong at bibig lamang ang tanging natatakpan.

○ Itinuturing na hindi nagsusuot ng mask kung ang ilong at bibig ay hindi natatakpan.

Q16. Dapat bang mag-suot ng mask habang nasa restaurant at cafe?

○ Maaaring alisin ang mask habang kumakain sa cafe o restawran, ngunit palaging isuot ito bago, pagkatapos, o habang nag-uusap.

※ Ayon sa panukalang-batas upang palakasin ang distansya ng lipunan sa antas 2 mula Agosto 30, 2020, ipinagbabawal ang pagkonsumo ng mga pagkain sa mga cafe.

○ Kung ang mask ay saglit na tinanggal, inirerekomenda na itago ito sa isang malinis na sobre upang maiwasan ang kontaminasyon.

Q17. Dapat bang mag-suot ng mask habang kumakanta sa loob ng karaoke?

○ Ang mga karaoke sa pangkalahatan ay itinalaga bilang mga pasilidad na mataas ang peligro dahil sa likas na 3 katangian ng silid nito (sarado·masikip·siksik) at masidhing inirerekomenda na pigilan ang pagbisita sakaling may nauusong nakakahawang sakit.

※ Ayon sa panukalang-batas upang palakasin ang distansya ng lipunan sa antas 2 mula Agosto 30, 2020, ipinagbabawal ang pag-titipon sa loob ng karaoke.

○ Kung hindi maiwasan, dapat mag-suot ng mask habang kumakanta.

Q18. Maaari ba ang pagsuot ng cotton mask sa pagpapatupad ng batas tungkol sa pagsuot ng mask?

○ Mahigpit na inirekomenda ng KFDA na mag-suot ng 'drug-free' mask gaya ng health, surgical at droplet mask na aprubado ng Ministry of Food and Drug Safety matapos ang ganap na pagsusuri na ang mga ito ay ligtas at nahahadlangan ang mga pinong partikulo.

○ Gayunpaman, isinasaalang-alang ang pagsuot ng recyclable cotton mask para sa mga pamilyang nahihirapan bumili ng mga nabanggit na mask sa itaas.

Q19. Maaari ba ang pagsuot ng mesh mask sa pagpapatupad ng batas tungkol sa pagsuot ng mask?

○ Tanging health, surgical(dental), droplet mask at cotton mask lamang ang kinikilala.

○ Ang iba pang mga mask tulad ng mesh mask ay hindi pa napatunayan na epektibo sa pagharang ng mga droplets kaya ito ay hindi kinikilala.

Q20. Ano ang mga pamantayan sa pagsusuot ng mask sa kasalan?

○ Lahat ng dumadalo sa kasalan ay dapat sumunod sa panuntunan na mag suot ng mask.

○ Gayunpaman, alinsunod sa mga alituntunin ng gobyerno para sa Social distancing(Family Culture Division-2544, Ministry of Gender Equality and Family), ang hindi pagsuot ng mask ay isinasaalang-alang lamang para sa ikakasal sa loob ng kasalan.

※ Gayunpaman, lahat ng dumadalo ay dapat mag-suot ng maskara kapag kumukuha ng litratong grupo, at pansamantalang pinapayagan ang ikinasal at kanilang mga magulang sa hindi pagsuot ng mask.

Ⅱ. Mga Hakbang sa Pangangasiwa

Q1. Hindi ba masyadong mahaba ang tagal ng patnubay?

○ Batay sa Artikulo 83(4) ng "Infectious Diseases Prevention and Management Act", isang batas sa pagtatalaga ng multa para sa mga paglabag ng patakaran ay binago ng ika-12 ng Agosto at magkakabisa mula ika-10 ng Oktubre.

○ Alinsunod dito, hindi magkakaroon ng multa hanggang sa ipatupad ang batayang batas at tanging patnubay lamang ang pwedeng maipatupad.

※ Batay sa ipinag-uutos na pag suot ng maskara sa pampublikong transportasyon(5.13 ~), mahigit sa 250,000 won hanggang 1 milyon won ang maaaring ipataw na multa para sa mga lumalabag sa patakaran sa loob ng subway at ayon naman sa mga pasilidad na may katamtamang panganib, alinsunod sa limitadong pag-titipon(8.19 ~), paglabag sa patakaran ay maaaring magkaroon ng multang aabot sa 3milyon won.

○ Gayunpaman, maaaring hilingin ang cost of quarantine tulad ng pag-inspeksyon, pagsisiyasat, pag-papagamot, at iba pa na nauugnay sa kumpirmasyon ng paglabag ng patakaran.

Q2. Hanggang kailan kailangang mag-suot ng mask?

○ Ang kasalukuyang sitwasyon ng social distancing ay nasa pangalawang antas at kung bababa ito sa unang antas sa hinaharap, matatanggal ang panukalang utos ng administratiba.

○ Kahit na tanggalin ng administratibo ang panukalang utos na mag-suot ng mask, masidhing inirerekomenda na panatilihin ang pagsuot nito alinsunod sa quarantine rules na "Pagpapanatili ng Distansiya sa Pamumuhay".

Q3. Kung ang isang residente ng ibang lokal na pamahalaan ay nahuli na lumabag sa patakaran ng pagsuot ng mask sa lungsod ng Seoul, ang lungsod ng Seoul ba ang mamamahala sa pagbigay ng aksyon?

○ Ang mga bisita sa Lungsod ng Seoul ay kasama sa saklaw ng mga taong napapailalim sa panukalang utos ng administratiba na inilabas ng pamahalaan, kaya't ang lungsod ng Seoul ang mamamahala sa pagbigay ng aksyon.

Q4. Kapag nahuling lumabag sa patakaran ng pagsuot ng maskara, ano ang disposisyon ng administratiba?

○ Bilang paglabag sa batas ng Artikulo 49 (1) 2-4 「Infectious Disease Prevention and Management Act」 multang hindi hihigit sa 100,000won ay maaaring ipataw alinsunod sa batas 83(4), maaaring hilingin ang cost of quarantine tulad ng pag-inspeksyon, pagsisiyasat, pag-papagamot, at iba pa na nauugnay sa kumpirmasyon ng paglabag ng patakaran.

○ Gayunpaman, ang parusa sa paglabag ay ipinagpaliban para sa pagpapatupad at disposisyon hanggang Oktubre 12, 2020, at ang tiyak na saklaw at pamamaraan ng pagpapatupad pagkatapos ng panahon ng paggabay ay ihahayag nang hiwalay.

※ Batay sa ipinag-uutos na pag-suot ng mask sa pampublikong transportasyon(5.13 ~), mahigit sa 250,000 won hanggang 1 milyon won ang maaaring ipataw na multa para sa mga lumalabag sa patakaran sa loob ng subway at ayon naman sa mga pasilidad na may katamtamang panganib, alinsunod sa limitadong pag-titipon(8.19 ~), paglabag sa patakaran ay maaaring magkaroon ng multang aabot sa 3milyon won.

Q5. Kailan magsisimula ang inspeksyon sa lugar?

○ Sa kasalukuyan, nakatuon ang pang-administratibang kapangyarihan ng

gobyerno sa mga pasilidad na may mataas na peligro ng grupong impeksiyon, tulad ng mga pasilidad na katamtaman at mataas ang peligro, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga inspeksyon sa lugar.

○ Sa hinaharap, ang paksa ng on-site na inspeksyon ay unti-unting palalawaki, at ang pamamaraan ng pag-iinspeksyon ay ihahayag nang magkahiwalay.

Q6. Saan at paano mag-ulat tungkol sa paglabag sa panukalang utos na mag-suot ng mask?

○ Sa panahon ng paggabay, walang hiwalay na departamento para sa pag-uulat, at ang mga impormasyon sa publiko ay ipapamahagi sa mga mamamayan ay nakatakdang isasagawa.

○ Ang pagpapatupad ng patakaran ng pagsusuot ng maskara bago matapos ang panahon ng patnubay ay aabisuhan nang hiwalay tungkol sa departamento at pamamaraan ng pag-ulat ng mga lumalabag sa kaayusang pang-administratibo.

Q7. Kung ang isang empleyado sa kumpanya ay hindi nagsuot ng maskara o nagsuot nang hindi tama, paparusahan din ba ang kumpanya?

○ Ipinapataw ang multa sa mga indibidwal na lumabag sa patakaran.

○ Gayunpaman, dapat ring gawin ng kumpanya ang makakaya upang gampanan ang obilgasyon bilang tagapamahala sa pasilidad, tulad ng pag-iwas ng mga empleyado mula sa mga nakakahawang sakit at pagsunod sa mga patakaran ng quarantine.